# PAGKATAPOS NG BAGYO: PAG-IWAS SA PINSALA

Ang malalang bagyo ay maaaring magdala ng maraming problema. Ang medya ay kadalasang puno ng mga kwento ng tao na nasugatan pagkatapos ng bagyo. Huwag maging isang istadistiko.

- **Sundin ang mga kautusan** ng sinumang tauhan na nagbibigay serbisyong pang-emerhensiya
- **Mag-ingat sa pagmaneho.** Huwag magmaneho sa bahang mga daan. Ang tubig ay maaaring mas malalim kaysa sa inaakala
- **Gumamit ng diyaket pangkaligtasan kung kayo ay malapit sa tubig.** Sa panahon ng pagtaas ng tubig-baha, ang mga bata at mga may-edad na hindi malakas na manlalangoy ay dapat na magsuot ng diyaket pangkaligtasan na inaprobahan ng U.S. Coast Guard – mga personal na plota [personal flotation devices (PFDs)] – kapag sila ay nasa o sa paligid ng tubig. Ang lahat, kabilang na ang malalakas na manlalangoy, ay dapat magsuot ng inaprobahan ng Coast Guard na PFD kapag nasa barko na ginagamit sa pagsagip o sa pagtakas. Piliin ang PFD para sa bigat at laki ng tao (na naka-imprenta sa etiketa)
- **Mag-ingat sa maluwag o nakalawit na mga kawad ng kuryente.** Lumayo sa mga ito at ireport agad sa nararapat na mga awtoridad
- **Huwag hayaan ang mga bata nang walang nag-aasikaso.** Huwag silang payagan na maglaro sa o galugarin ang nasalanta o nabahang mga lugar. Itago mula sa naaabot ng mga bata ang mga kemikal na ginagamit sa paglinis at pagdisimpekta, gatong para sa mga diyeneretor at mga sangkap para sa pagpuksa ng peste
- **Magsuot ng matibay na mga sapatos o bota at damit panghadlang,** gaya ng mabigat na pantalon, mahahabang manggas at guwantes, kapag naglilinig ng mga basura
- **Gumamit ng pantaboy ng insekto na naglalaman ng DEET** upang mabawasan ang riyesgo ng mga sakit na dala ng lamok, gaya ng mikrobyong West Nile at Eastern equine encephalitis. Ang mga insekto gaya ng mga bubuyog at mga putakti ay maaaring maging lubos na agresibo matapos ang bagyo. Masdan ang lugar bago magsimula sa paglilinis at gumamit ng nabibiling pamatay-kulisap kung kinakailangan
- **Mag-ingat sa mga ahas.** Sila, din, ay nawalan ng tirahan at maaaring makita sa mga lugar na karaniwan ay hindi sila dapat nandoon
- **Mag-ingat sa mga alagang hayop.** Ang mga hayop ay maaaring natakot at kumilos nang kaiba matapos ang bagyo. Maging maingat sa pakitungo sa mga alagang hayop gaya ng mga aso at pusa, lalung-lalo na yaong hindi ninyo kilala, at iwasan ang anumang pagdiit sa mailap na mga hayop
- **Huwag masunog.** Kung gumagamit kayo ng kalan pangbakasyon o apoy para sa pagluto, bantayan at huwag masunog
- **Ingatan ang inyong mga mata.** Tiyakin na gumamit ng proteksiyon para sa mata kung kayo ay gumagamit ng mga lagaring pamutol. Tingnan kung saan kayo pupunta – maaaring nalagay ng bagyo ang mga materyales na kapantay sa inyong mata na maaaring makapinsala
- **Maging maingat sa paggamit ng malalakas na mga kagamitan o sa pagharap sa malalaking basura**, na maaaring gumalaw nang bigla. Ang mga lagaring pamutol ay lubos na mapanganib; gumamit ng nauukol na pagsasanay sa kaligtasan bago gamitin ito. Ang walang karanasan na mga indibidwal ay kadalasang nasusugatan kapag gumagamit ng lagaring pamutol sa paglilinis pagkatapos ng bagyo. Ang mga pagkahulog ay karaniwan; gumamit ng kagamitang pangkaligtasan at kumuha ng nasanay na tulong sa malalaki at mahihirap na gawain. Huwag magbakasakali

MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness and Response

Updated 05/2019

- **Kung walang kuryente sa inyong tahanan** at magluluto kayo sa ihawang de-uling o de-gas, ang **karbon monoksido ay isang banta.** Gamitin lamang ang ihawan sa bukas, may dumadaloy na hangin na lugar, hindi kailanman sa loob ng bahay, at panatilihin itong malayo sa madaling masunog na mga materyales. Ang walang amoy, walang kulay na gas na nabuo sa pamamagitan ng pagniningas, ang karbon monoksido ay maaaring nakakamatay
- **Ang mga aso na nanggaling sa mga diyeneretor na pinapatakbo ng gasolina** ay iba pang pinanggagalingan ng pagkalason sa karbon monoksido. Huwag kailanman gumamit ng diyeneretor sa isang kulob na lugar, gaya ng silong o garahe. Tiyakin na ang lugar ay may dumadaloy na hangin, tuyo at kung maaari ay nakapandong
- **Ang mga diyeneretor ay nagbibigay din ng mga panganib sa kuryente.** Huwag ikabit ang diyeneretor sa sistema ng kuryente sa inyong tahanan. Bagkus, ikabit ang mga kagamitan nang direkta sa diyeneretor na may tamang laki na pandudugtong na kawad. Huwag sobrahan ang kargada ng diyeneretor o ng mga kawad, at ilagay ang mga kawad kung saan walang matitisod. Tiyakin na ang diyeneretor ay nasa wastong grawnd (sundin ang mga tagubilin ng gumawa). Bago muling gatungan, hayaang lumamig ang motor ng kahit na dalawang minuto upang maiwasan ang mga sunog. Mag-imbak ng sobrang gatong sa isang ligtas, tuyong lugar
- **Kung kayo ay bumabalik sa isang bahay na nasira ng bagyo,** maging lubos na maingat. Bago pumasok sa gusali, suriin para sa mga pinsala sa istruktura upang matiyak na walang panganib na gumuho. Patayin ang anumang mga linya ng gas sa labas ng metro o tangke at hayaang mahanginan ang bahay ng ilang minuto. Kahit na patay ang kuryente sa kapitbahayan, tiyakin na ang kuryente ay nakapatay sa pangunahing breker o kahon ng piyus. Ang kuryente at tubig ay napakamapanganib na kombinasyon – kung kailangan ninyong tumapak sa tubig upang maabot ang kahon ng breker, tumawag sa isang propesyunal na elektrisista para sa payo. Huwag sindihan ang anumang mga ilaw, mga kagamitan o mga sistema ng gas hangga't hindi ito naiiksamin. Kung dapat ninyong pumasok sa bahay nang gabi, gumamit ng mga plaslait na pinapatakbo ng baterya bilang pinanggagalingan ng ilaw, hindi kailanman ang apoy, at huwag manigarilyo
- **Kung ang inyong bahay ay binaha,** ang mga kawad ng kuryente at mga kagamitan ay dapat na malinis at ganap na tuyo, sa loob at sa labas, bago magamit muli ang mga ito nang ligtas. Makipag-ugnayan sa inyong kompaniya ng kuryente o sa isang propesyunal na eletrisista para sa payo
- **Kung nagmamay-ari kayo ng balon,** tiyakin na ipasuri muna ito bago muling gamitin pagkatapos ng isang baha

# KARAGDAGANG IMPORMASYON

preparedness.health.maryland.gov
facebook.com/MarylandOPR
twitter.com/MarylandOPR

health.maryland.gov
facebook.com/MarylandDHMH
twitter.com/MDHealthDept

*Ang impormasyon ay kabutihang-loob ng North Carolina Department of Health and Human Services Division ng Public Health Occupational and Environmental Epidemiology Branch, http://epi.publichealth.nc.gov/oee.*

MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness and Response

Updated 05/2019